

# ANO ANG GAGAWIN PAGKATAPOS NG IYONG PAGSUSURI SA COVID-19

**Salamat sa iyong pagpapasuri!** Ang pagsusuri ay nagpapahintulot ng maagang deteksyon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Makikita ang mga resulta ng pagsusuri sa loob ng higit kumulang na 3 hanggang 5 araw.

- Kung ang iyong resulta sa pagsusuri ay **negatibo**, ikaw ay aabisuhan sa pamamagitan ng e-mail.
- Kung ang iyong resulta sa pagsusuri ay **positibo**, ikaw ay aabisuhan sa pamamagitan ng telepono at e-mail.

**Kapag nagtsetsek ng e-mail, siguraduhin na itsek din ang iyong junk mail folder. Kung hindi ka nakatanggap ng e-mail o tawag pagkatapos ng limang raw, tumawag sa 2-1-1 upang makipag-usap sa Linya ng Tulong ng Nars sa COVID-19.**

Habang nag-aantay ng resulta ng pagsusuri, ipagpatuloy ang pagsubaybay sa iyong kalusugan at magsagawa ng mga hakbang na protektahan ang sarili at iba. Ang mga sumusunod na hakbang ay depende sa iyong sitwasyon.

**Kung ikaw ay nakararanas ng sintomas, manatili sa tahanan at panatilihin ang iyong distansiya mula sa iba.**




Sundin ang alituntunin ng **ISOLASYON SA TAHANAN** at isanay ang pisikal na pagdistansiya habang nagpapagamot, kasama ng pagdistansiya mula sa ibang tao sa iyong tahanan.

**Kung WALA kang sintomas, ngunit naitukoy ng isang medikal na propesyonal na may malapitang pakikisalamuha ng isang tao na nasuring positibo, kinakailangan mong mag-quarantine sa tahanan.**

Sundin ang gabay sa **ISOLASYON SA TAHANAN** kung ikaw ay nahawaan. Kung ikaw ay isang mahalagang manggagawa, kausapin ang nagmamay-ari ng negosyo upang makita kung maaring ipagpatuloy ang pagtrabaho na may dagdag na pag-iingat.

**Kung WALA kang sintomas at HINDI pinayuhan ng isang medikal na propesyonal na mag-quarantine sa tahanan, maaring bumalik sa normal na mga gawain. Bawasan ang interaksyon sa iba hanggang nakuha mo ang iyong resulta.**

Ipagpatuloy ang pagsanay sa pisikal na pagdistansiya, magsuot ng pantakip sa mukha kapag nasa labas ng tahanan, at isanay ang tamang kalinisan, kasama ang paghugas ng mga kamay.



**Walang lugar upang magbuklod o quarantine?** Ang mga residente ng County ng San Diego ay maaaring karapat-dapat para sa pansamantalang tuluyan sa isang lokal na hotel. Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan na makipag-ugnay sa **Linya ng Pansamantalang Tuluyan o Temporary Lodging Line** sa **858-715-2350**. Kung wala kang tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan, tumawag sa 2-1-1 upang makakonekta sa isang tagapagkaloob ng pangangalaga sa tahanan na malapit sa iyo.

Para sa Alituntunin ng Isolasyon, Gabay sa Quarantine Guidance, at ibapa

[www.coronavirus-sd.com](http://www.coronavirus-sd.com)

